



September 14
5:55 p.m.

School Canteen

May kakaibang lungkot ang hapon na iyon. Nagkukumpulan ang ilang mga estudyante ng university dahil sa isang kagimbal-gimbal na balita.

Nabaryl kasi sa ulo ang isang lalaking estudyante sa loob mismo ng campus. Ayon sa kumakalat na balita, habang naglalakad daw ang sophomore na binatilyo, nagulat na lang daw ang mga estudyanteng nadaanan nito nang bigla silang makarinig ng putok ng baril at bumulagta na lang sa kanilang harapan ang kawawang binata.

Ang totoo hindi iyon minsan lang nangyari, ilang beses nang may namatay dahil sa ligaw na bala o di kaya ay sadyang pagpatay.

Marami ring mga estudyanteng nawawala at ni-re-rape ‘tapos di na nakikita. Ang mga estudyanteng militante naman

ay bigla na lang din maglalaho ‘tapos kapag nakita, isa nang malamig na bangkay. Kelan lamang ang mga miyembro ng dinakikilang frat ay nambugbog ng isang sophomore student. Sa kasalukuyan ay nakaratay ngayon at agaw-buhay ang binata na napuruhan sa ulo.

Samantala, sa school canteen...

“Sino naman kaya ang may kagagawan ng lahat ng ito? Pambihira, ano ba ang nakukuha nila kapag pumapatay sila? Grabe, di ko talaga maintindihan,” napapailing na sabi ni Sabrina habang pumapapak ng kornik.

Siya si Sabrina Martha Cruz o simply Sandy, junior student sa university at isang aktibista. Maganda siya, matalino, mabait, sexy, may-kaya sa buhay at medyo iyakin.

Sa kasalukuyan ay may boyfriend siyang leader ng mga aktibista sa school nila at miyembro rin ng isang frat. Sa kasamaang palad ay tila sinumpa sa kapangitan ang boyfriend niya na iyon. Di naman sobrang pangit pero di talaga guwapo, mukha kasi itong tulisan na parang rebelde ang hitsura na di naliligo ng ilang taon.

Kung pinagkaitan ng Diyos ng kagwapuhan ang boyfriend niya, tila sinumpa naman iyon sa katalinuhan. Ang pangalan ng boyfriend niya ay Maximo Pacquito Di Maipinta. Pangalan pa lang ma-i-imagine na ang hitsura.

“Alam mo Sandy, mahirap malaman kung sino ang tunay na nasa likod ng mga pagpatay dyan. Maliban na lamang kung ikaw mismo ang magiging biktima. Tulad na lang dito sa school natin, maraming frat dito, maraming samahan at organisasyon, maraming sekreto ang bawat tao, marami ding nagtatagong dalamhati ang bawat pader, at ang mga halaman, puno, at lupa ang piping saksi sa mga krimen,” paliwanag ni Max na mukhang tinadyakan ng sampung kabayo ang face, pero kumikinang sa katalinuhan ang utak.

No wonder at napaibig nito si Sandy na saksakan ng ganda at sexy. Turned on na turned on kasi siya sa mga lalaking matatalino. Dati nagka-boyfriend siya ng guwapo, wala naman siyang napala doon, puros pa-cute lang ang ginagawa.

Samantalang ang lalaking mukhang tinadyakan ng kabayo ang face, takpan lang niya ang mukha nito, okay na. Pero pagnagsalita, babem!!! Parang pogi kahit hindi!

“May point ka dyan, pero wala ka ba talagang alam dito? Wala ka bang kutob kung sino ang may gawa ng mga pagpatay sa mga estudyante? Last year may nabaril din doon din mismo sa lugar kung saan nabaril din ‘yong sophomore ngayon. Di ba member ng isang frat ‘yong lalaking ‘yon? Sa tingin mo kaya, kalaban ng frat nila ang bumaril?”

“Ang mga fraternities ay kapatiran, nagtutulungan sa

lahat lalo na sa pag-aaral. Maraming mga sikat na pulitiko ngayon ang naggaling sa mga sikat na frat na kinabibilangan ko ngayon. Pero hindi ko alam na darating sa point na kailangan nilang pumatay, maliban na nga lang talaga kung may galit sila sa isang tao. Pero kahit na, di pa rin sapat na dahilan ang galit para pumatay.”

Tumigil sa pagkain si Sandy.

“Tbig mong sabihin walang kinalaman ang fraternity sa mga nangyayari dito sa school? Eh, ‘yong sophomore na lalaking pinalo sa ulo, maraming nagsasabi at naniniwala ako na may kinalaman doon ang fraternity.” Hindi siya sang-ayon sa sinasabi ng boyfriend niyang mukhang tinadyakan ng kabayo ang face. At may alam siya na ito ang isa sa pumalo sa ulo ng estudyanteng nakaratay ngayon sa ospital.

Hindi umimik si Max dahil alam nito ang totoo. Naniniwala ito na may kinalaman ang mga frat sa mga nangyayari subalit gusto kasi nitong pangalagaan ang image ng mga kapatirang samahan sa eskwelahan nila. Kahit ang totoo dumarating din talaga sa point na pumapatay na sila.

“Sa palagay ko walang kinalaman ang fraternity doon...”

“Sinungaling ka, Max, huwag mo na akong niloloko. Eh di ba ‘yong binugbog na sophomore student assistant dyan sa college natin...” hininaan niya ang boses, ”eh alam ko isa

ka sa mga nandoon. Max, kilala na kita, umamin ka. Ikaw ‘yong isa sa pumalo sa ulo ng isang sophomore, di ba? Ikaw ‘yong pumalo nang pumalo sa ulo. Alam ko ikaw iyon kahit nakamaskara ka pa, tindig mo pa lang kilala ko na. Nakita kita sa bintana.” Bigla siyang naiinis sa nobyo.

Hindi na muling umimik si Max dahil totoo ang sinabi ni Sandy. Totoong isa siya sa mga pumalo sa ulo ng isang estudyanteng agaw-buhay ngayon. Galit kasi sila sa mga estudyanteng iyon at sa frat na kinabibilangan nito kaya nila binugbog.

“May gagawin ka ba ngayon?” sa halip ay seryosong tanong niya sa girlfriend. Nakatingin siya sa dibdib ng kasintahang ubod ng ganda at saksakan ng sexy. Napag-isip-isip niyang panahon na siguro para madama niya ang kabuuan ng kasintahan. Wala lang, bigla lang kasi siyang nag-init.

“Ummmm...” Napatingin si Sandy sa boyfriend. “Wala naman, tapos na ang research ko, wala na rin akong assignments, tapos na ang rally natin... bakit?” tanong nito habang ngumunguya.

Ngumiti ang binate, feeling pogi siya. Sinubukang niyang makipag-usap sa mga mata nito habang pangiti-ngiti. Napakunot-noo naman si Sandy sa kanya.

“Ano?”

Mukhang di ma-gets ng girlfriend ang ibig niyang sabihin. Kita niya ang cleavage nito at bra dahil sa pagkakabukas ng butones ng polo. Nanabik siyang makita iyon nang buo at mahawakan. Dalawang buwan na siyang hindi nakaka-score sa magandang girlfriend. Nag-iinit na siya talaga. Tumayo na lang siya at hinila patayo rin ang dalaga.

“T-teka, bakit ba? Saan ba tayo pupunta? Tigilan mo nga ako, Max! Sasampalin kita! Teka...” Tumakbo si Sandy pabalik sa mesa at kinuha ang chichirya na di pa ubos. Tinaktak nito ang natitirang pagkain at kinain iyon ‘tapos ay uminom ng tubig.

“Ano bang problema mo, Maximo Pacquito? Ayoko munang sumama sa pinaplano n’yong rally. Gusto kong matulog, uuwi na ako. Hayan, madilim na pala! Hoy, ano ba?!” Naiinis na ito sa pagkakaladkad niya rito.

Sa totoo lang, gigil na gigil na si Max sa kasintahan at hindi na siya makapagpigil pa.

“Max!” pigil pa rin ni Sandy.

Samantala, sa di-kalayuan sa loob ng canteen, wala silang kaalam-alam na may nagmamasid na mga mata sa kanila. Isa rin iyong estudyante at miyembro ng isa ring sikat na fraternity sa school nila.



Halos madapa na si Sandy sa paghila sa kanya ni Max. Noong una, akala niya yayain siya nitong mag-rally. Nakahanda na nga siyang tumanggi dahil ayaw na muna niyang makasuhan ng Vandalism at Malicious Mischief. Nang muli niyang tingnan ang boyfriend, parang na-gets na niya ang gusto nito, pero hindi pa siya handa.

“Maximo, ano ba! Kung ano ang binabalak mo, isa-isip mo na lang ‘yan! Maghintay ka pa muna!” naiinis na sabi niya dito at pagkuwa’y tinanggal niya ang kamay sa pagkakawak nito. Gets na gets na niya ang gusto ng suwangit na binata.

Tumigil sila sa paglalakad, tumigil din at nagtago sa isang puno ang sumusunod sa kanila.

“Sandy, please, kahit ngayon lang,” pagmamakaawa ni Max sa dalagang walang balak i-surrender ang Bataan.

Samantala, napakunot-noo ang lalaki sa tabi ng puno. Napapailing din ito dahil sa sitwasyon. Sino ba naman ang gaganahang makipagromansa sa lalaking mukhang binugbog ni Manny Pacquiao ang mukha?

“I’m not ready yet at isa pa, hindi ito ang tamang panahon. Please hear me out. Darating din ang tamang panahon na iyon! Please, Max! Ayoko ko pang gawin ang gusto mo! Sana naman naiintindihan mo ako! Please....”

pagmamakaawa ni Sandy sa boyfriend.

Bumuntong-hininga na lamang si Max at naglakad palayo habang napapa-iling ng ulo. Halatang badtrip ito sa kanya.

“Max!” tawag ng dalaga. She meant what she said, pero wala siyang choice kundi saktan ang kalooban ng binata. She’s not ready yet.

“Just...don’t say anything!” sabi nito. Iniwan nito ang dalaga na mag-isa dahil sa sobrang inis.

“K, fine! I think we need a break from each other!” sabi ni Sandy.

Natigilan sa paglalakad si Max. Hindi nito inaasahan ang narinig mula sa maganda kasintahan. Hindi nito kakayaning mawala si Sandy. Sino pa ang magandang babae ang papatol kay Maximo Paquito? Wala!

“You know what, Sandy. Don’t f*ck with me. What are you saying? We’re not breaking up. I just wanna be away from you right now, dahil hindi mo naman gustong ibigay ang kailangan ko. So, please, I don’t wanna hear any drama from you. And we don’t need a break. Period!”

“Well, then don’t just walk away!”

“What do you expect from me? Ala nga naman matuwa ako? of course not! I’m so pissed right now! You know what!

This conversation is going nowhere! Umuwi ka na lang at matulog! See you the day after tomorrow! Bye!” Iyon lang at tuluyan nang naglakad palayo si Max.

Napabuntong-hininga na lamang si Sandy. Naiinis siya at naawa sa kasintahan, pero hindi pa talaga siya ready. Umupo siya sa ilalim ng puno.

Samantala ang taong sumusunod sa kanila noong papalabas sila sa canteen ay nagtatago sa punong di-kalayuan kung nasaan si Sandy.

Napaubo ang binata habang nakatayo sa puno. Napalingon si Sandy. Napatakip ng bibig ang binata. Tumayo ang dalaga upang hanapin kung sino ang umubo. Subalit mabilis na naglakad palayo ang binata.

Pinagmasdan na lamang niya ang likod ng lalaking umubo habang papalayo ito.

2



Two days later...

Malungkot ang buong eskwelahan dahil sa pagdadalamhati para kay Justin Roxas. Si Justin ang sophomore student na pinalo sa ulo ng mga frat members na kinabibilangan ni Max. May mga estudyanteng nagra-rally at palakad-lakad sa buong campus, may hawak na mga placards at sumisigaw. May mga reporters rin ang naroon.

“Katarungan para kay Justine Roxas!!! Itigil na ang pagpatay sa mga estudyante!!!”

Alas-diyes pa lang ng umaga, nakakunot-noong pinagmamasdan ni Sandy ang mga estudyante habang nagmamaneho siya ng kotse. Pagka-park niya, agad siyang tumakbo sa mga nagra-rally at hinanap doon si Max. Subalit wala doon ang boyfriend niya. Nagkataong ibang grupo ng mga aktibista ang nag-ra-rally sa araw na iyon.

Kinuha niya ang cellphone at tinawagan ang nobyo. Heto na naman at hindi pa nga nalalaman kung sino ang bumaril sa isang sophomore student, heto at namatay naman ngayon si Justin Roxas.

“Hello, Max, alam mo na ba?” tanong niya nang sumagot ang nobyo. Labis siyang nalulungkot dahil naniniwala siya na si Max ang pumalo ng matindi sa ulo ni Justin Roxas. Naniniwala siya na ito ang pumatay sa binatang yon.

Sa kabilang linya, habang nasa faculty ang binata at kasama ang ilang prof. “Oo, kahapon ko pa alam...” malungkot na sabi ni Max.

Ang nangyari kasi, tuluyan nang hindi naka-recover ang estudyanteng pinalo niya sa ulo. Hindi naman niya hinangad na dumating sa point na patayin ang Justin na iyon, gusto lang nilang gumanti dahil masyadong mayabang at kung anu-anong mapapangit at paninira ang sinasabi nito sa frat nila.

Palaban din kasi ang binatilyong iyon. Pinagbibintangan kasi ni Justin na ang frat nina Max ang may kagagawan ng mga pamamaril sa mga estudyanteng namamatay na lang.

Pero ang totoo, tama ito sa mga sinasabi, at iyon ang isang bagay na hindi hahayaan ni Max na malaman ng buong University. Kaya nga rinesbakan nila si Justin Roxas.

“Max, magkita tayo mamaya after lunch. Sige, may klase na ako. Bye.” Iyon lang at tinapos na ni Sandy ang tawag.

Bago siya pumasok sa klase, nagmasid muna ang dalaga sa paligid. Umupo siya sa isang baitang ng hagdan at pinanood muna ang mga kabataang nanggagalaiti sa

kasisigaw ng katarungan para kay Justin.

Nagulat si Sandy nang may biglang isang lalaki ang tumabi sa kanya. Bahagya siyang napatingin dito. Guwapo ang lalaki, mestisuhin ang features ng mukha, matangos ang ilong, manipis ang mga labi at malamlam ang mga mata. Naka-green t-shirt ito, kupas na maong, rubber shoes, postman bag at bull cup.

Muli niyang binaling ang tingin sa mga estudyanteng nag-ra-rally.

Mayroong nagtatakbo ng pa-uli-uli, mayroong nakahiga at mayroong sigaw nang sigaw na parang mapapatiran ng litid sa leeg habang may camera na nakatutok sa mukha.

Nag-tiim-bagang ang lalaking katabi ni Sandy. Nagkuyom din ito ng kamao at agad na umalis din sa kinauupuan.

Pinagmasdan lang ni Sandy ang paglalakad nito palayo sa kanya. At sumunod na rin siyang umalis upang pumasok na sa klase.

Nagkita sila ni Max after lunch. Inaway niya ang boyfriend dahil pinipilit niyang umamin ito tungkol sa pagpalo sa ulo ng namatay na estudyante. Subalit matigas si Max, ayaw nitong umamin. Pinanindigan nito na inosento ito sa krimen. Mananatiling lihim kung sino ang pumatay sa estudyanteng iyon. Tulad din ng napakaraming krimen

na hindi nalalaman kung sino talaga ang tunay na pumatay. Ibabaon ng mga taong tulad ni Max ang sekretong iyon hanggang hukay.



Alas sa is na ng gabi...

Humarang si Max sa kotse ng dalaga dahil nagtatampo ito sa kanya. Sa totoo lang naiinis siya sa lalaking iyon dahil sa ginawa. Naiinis siya sa kaguluhan ng mga fraternities na nagpapagulo sa buhay ng mga estudyante sa university nila.

“Please, umalis ka dyan dahil gusto ko nang umuwi.” Tinabig niya ito subalit malaki masyado ang katawan nito kaya di niya ito naitulak.

“Sandy, baby...” Niyakap siya nito at hinalikan sa noo. “Maniwala ka, inosente ako sa nangyari. Hindi ako gan’on, babe...” Dahan-dahan nitong hinalikan ang kasintahan.

Subalit sinampal ito ni Sandy nang malakas. Napahawak ito sa pisngi dahil sa gulat.

“Kahit two months pa lang tayo... hindi ako tanga, Max! Pwede mo siguro akong maloko kung di kita nakita. Kitang-kita ng dalawang mata ko na ikaw ang pumalo kay Justin! Ikaw ‘yon!” Hindi niya matanggap na ang kasintahan niya ay isang mamatay-tao. Si Max ay isang lalaking magiging future

big time gangster sa Pilipinas balang araw. At iyon ang di niya matatanggap.

“Hindi ako ‘yon, kahit anong sabihin mo. Sandy... mahal kita, please huwag mo akong pahirapan, paniwalaan mo ako. Magkasama tayo sa mga rally, sa mga pakikipaglaban para sa mga kabataan... paano ko magagawang pumatay? Alam ko ang hirap ng buhay kaya please... Sandy, maniwala ka sa akin.” Kulang na lang ay lumuhod ito sa harap ng dalaga.

Naiiyak na nakatingin ang dalaga sa pangit na boyfriend. Niyakap siya nito nang mahigpit at pagkatapos ay hinalikan sa mga labi.

“Mahal kita, please... maniwala ka sa akin. Baby, I love you...” Bahagya lamang nakalayo ang labi nito sa mga labi ng dalaga habang hinahaplos-haplos nito ang pisngi niya.

Ewan ba ni Sandy kung anong meron sa lalaking iyon at napapasuko siya. Tumango na lang siya at muli itong hinalikan. Subalit nagulat siya nang may biglang nang-istorbo sa paghahalikan nila. Na-shock siya nang may biglang pumalo sa ulo ni Max.

Bumulagta ang binata sa paanan niya. Mabilis ang sumunod na pangyayari. Madilim ang paligid, o kung may nakakakita man sa kanila, matatakot ang mga iyon na makialam o tumulong. Walang ibang tao sa paligid kundi

silang lamang. Walang makakasaksi sa kanila kung anuman ang mangyari.

Matalas ang memory niya, kaya kahit mabilisan ang lahat, nakita niya ang limang lalaking naka-bonnet at may maskara sa mga mata. Sila ang pumalo sa ulo ni Max, akala niya pati siya ay papaluin sa ulo. Bigla siyang nilapitan ng isa at tinakpan ang bibig.

Tinutukan siya ng baril sa tagiliran at pinalakad papunta sa isang van. Hindi niya nagawang makuha kaagad ang plate number dahil mabilis ang pangyayari. Gusto niyang manlaban subalit siguradong mamamatay kaagad siya on the spot. Nakita niyang binuhat ng mga iyon si Max at sinakay sa ibang sasakyan. Lalo siyang kinabahan.



Sa loob ng van...

Blanko ang isip ni Sandy. Kinakabahan siya, nanginginig ang buong niyang katawan sa sobrang takot.

Hindi niya magawang magwala sa loob dahil puro lalaking naka-bonnet at may maskara ang nakatingin sa kanya.

Sino kayo? gusto sana niyang itanong. Ano'ng kailangan n'yo sa amin? Saan n'yo kami dadalhin? Pwede bang tumawag o mag-text sa parents ko?

Alam niyang hindi siya sasagutin ng mga iyon. Sinaulo na lamang niya ang mga suot na damit ng mga iyon. Pati ang mga pwedeng palatandaan sa katawan. Upang kung saka-sakaling bubuhayin siya at palalayain, ma-de-describe niya sa mga pulis ang palatandaan sa mga ito. Ang masaklap nito ay kung hindi sila palayain.

Sa tingin niya ay mga estudyante rin sa school nila ang mga iyon, at malamang mga kabilang din sa frat na posibleng kaaway ng frat nina Max. Tama! Posible iyon. Iyon lang ang naiisp niyang anggulo ng mga nangyayari dahil wala na siyang iba pang maisip na pwedeng dahilan.

Lumapit ang isang lalaki nang mapansing tinitingnan sila nang mabuti ni Sandy. Kumuha ito ng panyo at piniringan sa mga mata ang dalaga. Doon siya nagprotesta. Nagpumiglas na siya.

“Ano ba! Ano bang problema n’yo!” Sinampal niya ang lalaki at tinadyakan.

Sa galit nito, sinuntok siya sa sikmura na naging dahilan para mamilipit siya sa sobrang sakit.

“Mga hayop kayo! Kung galit kayo sa amin, lumaban kayo nang patas! Mga duwag! Bakit ayaw n’yong ipakita ang mga mukha n’yo! Wala kayong kwenta!”

Nakatingin lang ang tatlong lalaki kay Sandy. Ang dalawa

pa nitong kasama ay nasa kabilang van kung saan sinakay si Max. Wala silang imik at tila di nasasaktan sa sinasabi ng dalaga.



Samantala, sa loob din ng van na iyon naroon ang lalaking ilang araw nang nagmamatyag kina Sandy at Max. Masama ang pagkakatingin niya sa magandang dalaga.

Ka-frat nila ang namatay na si Justin Roxas. Dinamdami nila nang sobra ang nangyaring iyon lalung-lalo na siya.

Hindi man nila layunin sana ang pumatay tulad ng ginagawang ng frat nina Max, mukhang nagbago ang ihip ng hangin. Igaganti nila si Justin Roxas. Igaganti nila ito sa pamamagitan ni Sabrina Martha Cruz. Dudurugin nila ang babaeng iyon upang resbakan si Maximo Di Maipinta.